

Mga Ugnayang Pangkomunidad

MGA PAMAMARAAN SA PAGREREKLAMO

Ang patakarang ito at ang katumbas na pampangasiwaang regulasyon ay naglalaman ng mga patakaran at tagubilin tungkol sa paghahain, imbestigasyon, at resolusyon sa reklamo sa ilalim ng Uniform Complaint Procedures (UCP, Mga Pamamaraan sa Reklamo). Kabilang sa mga reklamo sa ilalim ng UCP ang anumang reklamong iniharap ng nagrereklamo na nagsasaad ng hindi pagsunod ng Elk Grove Unified School District (Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Elk Grove) sa mga pederal at pang-estadong batas o regulasyong namamahala sa mga programang pang-edukasyon, kabilang ang mga alegasyon ng labag sa batas na diskriminasyon (gaya ng panghahas, pananakot o pambu-bully batay sa alinman sa mga protektadong uring nakasaad dito) at hindi pagsunod sa mga batas na nauugnay sa mga singil sa mag-aaral at sa Local Control and Accountability Plan (LCAP, Plano ng Lokal na Kontrol at Pananagutan). Ang isang nagrereklamo, para sa mga layunin ng patakarang ito, ay sinumang indibidwal, kabilang ang isang taong kinatawang may kaukulang awtorisasyon o isang interesadong partido, pampublikong ahensya, o organisasyong naghahain ng nakasulat na reklamong pinamamahalaan ng patakarang ito.

(cf. 5145.7 - Sekswal na Panghahas)

(cf. 5145.3 - Hindi Pagdidiskrimina/Panghahas/Pananakot/Pambu-bully)

(cf. 5131.2 - Pambu-bully)

Hinihikayat ng Lupon ang maagang resolusyon sa mga reklamo sa tuwing posible. Upang malutas ang mga reklamong hindi malutas sa pamamagitan ng hindi pormal na proseso, pinagtibay ng Lupon ang iisang sistema ng mga proseso ng pagrereklamong tinukoy sa 5 CCR 4600-4670 at inilalarawan dito.

Mga Reklamong Napapailalim sa UCP

Gagamitin ng distrito ang UCP upang imbestigahan at lutasin ang mga sumusunod na reklamong iniharap ng sinumang nagrereklamo, na kinabibilangan ng lahat ng reklamong nauugnay sa mga usaping tinutugunan sa Kodigo ng Edukasyon seksyon 33315(a):

1. Anumang reklamong nagsasaad ng paglabag ng distrito sa mga pang-estado at pederal na batas o regulasyong namamahala sa mga sumusunod na programa at aktibidad na ipinapatupad ng distrito, kabilang ang: mga programa para sa edukasyon ng adulto; mga programang tekniko sa karera at pagsasanay sa edukasyong tekniko; mga programa sa pag-aalaga at paglaki ng bata; edukasyon ng migranteng bata; mga paaralan ng hukumang pangkabataan; mga planong pangkaligtasan sa paaralan; mga kakulangang nauugnay sa mga suliranin sa kalusugan at kaligtasan ng preschool ng estado; at anumang iba pang pinagsamang kategorikal na programang pantulong na ipinapatupad ng distrito na nakalista sa Kodigo ng Edukasyon 64000(a), kabilang ang: mga programa para sa pag-iwas sa paggamit ng tabako; programa para sa bilinggwang edukasyon; programa ng panghaliling edukasyon; mga programang peer

MGA PAMAMARAAN SA PAGREREKLAMO (ipinagpapatuloy)

assistance at review ng California para sa mga guro; mga programa para sa kaligtasan ng paaralan at pag-iwas sa karahasan.

2. Anumang reklamong inihain ng o sa ngalan ng estudyante, na nagsasaad ng pagkakaroon ng labag sa batas na diskriminasyon laban sa sinumang estudyante, empleyado o ibang taong nakikibahagi sa mga programa at aktibidad ng distrito, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga aktibidad na direktang pinopondohan ng o tumatanggap ng benepisyo mula sa anumang pinansyal na tulong ng estado.

Kabilang sa labag sa batas na diskriminasyon ang, ngunit hindi limitado sa, nagdidiskriminang panghaharas, pananakot, o pambu-bully batay sa mga aktwal o nauunawaang katangian ng lahi o etnisidad, kulay ng balat, ninuno, nasyonalidad, bansang pinagmulan, katayuang pang-imigrasyon, pagkakakilanlan ng etnikong grupo, edad, relihiyon, katayuan ng pagiging kasal, pagbubuntis, katayuan ng pagiging magulang, kapansanan sa pangangatawan o pag-iisip, seks, sekswal na oryentasyon, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, o henetikong impormasyon, o anumang iba pang katangiang tinukoy sa Kodigo ng Edukasyon 200 o 220 Kodigo ng Pamahalaan 11135 o Kodigo Penal 422.55, o batay sa kanyang kaugnayan sa isang tao o grupong may isa o higit pa sa mga aktwal o nauunawaang katangiang ito.

3. Anumang reklamong nagsasaad ng hindi pagsunod ng distrito sa iniaatas na magkaloob ng makatwirang akomodasyon sa isang nagpapasusong estudyante sa campus ng paaralan upang maglabas ng gatas, pagpasuso ng sanggol na anak, o tugunan ang iba pang mga pangangailangang nauugnay sa pagpapasuso ng estudyante.

4. Anumang reklamong nagsasaad ng hindi pagsunod ng distrito sa pagbabawal laban sa pag-aatas sa mga estudyanteng magbayad ng mga singil, deposito, o iba pang mga singil sa pakikibahagi sa mga aktibidad na pang-edukasyon.

5. Anumang reklamong nagsasaad ng hindi pagsunod ng distrito sa mga iniaatas ng batas na nauugnay sa pagpapatupad ng plano ng lokal na kontrol at pananagutan.

Ang LCAP ay isang mahalagang bahagi ng Local Control Funding Formula (LCFF, Pormula ng Pagpopondo sa Lokal na Kontrol), ang binagong sistema ng pinansya ng paaralan na isinaayos ang paraan ng pagpopondo ng California sa mga paaralang K-12. Sa ilalim ng LCFF, tayo ay inaatasang maghanda ng isang LCAP na naglalarawan ng kung paano namin nilalayong tugunan ang mga taunang mithiin para sa mga mag-aaral ng distrito na may mga partikular na aktibidad upang tugunan ang mga pang-estado at lokal na prioridad na tinukoy alinsunod sa sa Kodigo ng Edukasyon Seksyon 52060(d).

6. Anumang reklamo, ng o sa ngalan ng sinumang estudyanteng isang foster na kabataan, na nagpapahayag ng hindi pagsunod ng distrito sa anumang iniaatas na batas na naaangkop sa estudyante tungkol sa mga desisyon sa pagtatalaga, mga responsibilidad ng liaison (taga-ugnay)

MGA PAMAMARAAN SA PAGREREKLAMO (ipinagpapatuloy)

na pang-edukasyon ng distrito para sa estudyante, paggawad ng kredit para sa kursong kasiya-siyang nakumpleto sa ibang paaralan o distrito, paglipat sa paaralan, o paggawad ng iksemsyon mula sa mga iniaatas sa pagtatapos ng pag-aaral na ipinapataw ng Lupon.

7. Anumang reklamo, ng o sa ngalan ng estudyanteng walang tirahan, gaya ng ipinapakahulugan sa 42 USC 11434a, ng dating estudyante ng paaralan ng hukumang pangkabataan, ng batang napapabilang sa pamilyang militar, gaya ng ipinapakahulugan sa Kodigo ng Edukasyon 49701, ng isang estudyanteng isang migranteng bata, gaya ng ipinapakahulugan sa Kodigo ng Edukasyon 5444a(a), o ng bagong dating na migranteng estudyanteng nakikibahagi sa “Newcomer Program” (“Programa para sa Bagong Dating”) gaya ng ipinapakahulugan sa Kodigo ng Edukasyon 51225.2(a)(6), na lumipat sa distrito pagkatapos ng kanyang pangalawang taon sa mataas na paaralan, nagpapahayag ng hindi pagsunod ng distrito sa anumang iniaatas na naaangkop sa estudyante pagdating sa paggawad ng kredito para sa kursong kasiya-siyang kinumpleto sa ibang paaralan o distrito o paggawad ng iksemsyon mula sa mga iniaatas sa pagtatapos sa pag-aaral na ipinapataw ng Lupon.

8. Anumang reklamong nagsasaad ng hindi pagsunod ng distrito sa mga iniaatas ng Kodigo ng Edukasyon 51228.1 at 51228.2 na ipinagbabawal ang pagtatalaga ng isang estudyanteng nasa mga baitang 9-12 sa isang kursong walang nilalamang pang-edukasyon ng mahigit isang linggo sa anumang semestre o sa kursong dati nang kasiya-siyang nakumpleto ng estudyante, nang hindi tumutugon sa mga tinukoy na kondisyon.

9. Anumang reklamong nagsasaad ng hindi pagsunod ng distrito sa mga iniaatas sa mga minuto ng pagtuturo sa pisikal na edukasyon para sa mga estudyante sa paaralang elementarya.

10. Anumang reklamong nagsasaad ng paghihiganti laban sa nagrereklamo o iba pang nakikibahagi sa proseso ng pagrereklamo o sinumang kumilos upang ibunyag o iulat ang paglabag na sumasailalim sa patakarang ito.

11. Anumang iba pang reklamo gaya ng tinukoy sa patakaran ng distrito. Ngunit, ang mga reklamo lamang na nakalista sa Titulo 5 ng Kodigo ng mga Regulasyon ng California seksyon 4610 ay maaaring iapela sa Kagawaran ng Edukasyon ng California alinsunod sa nauukol sa pampangasiwaang regulasyon.

12. Anumang iba pang pederal na programang pang-edukasyon na itinuturing na naaangkop o kailangan ng Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo ng Estado.

Mga Alegasyon at Reklamong Hindi Napapailalim sa UCP

Kapag ang isang alegasyong hindi napapailalim sa UCP ay kasama sa isang reklamong napapailalim sa UCP, ire-refer ng distrito ang alegasyong hindi napapailalim sa UCP sa naaangkop na tauhan o ahensya para sa higit pang pagpoproseso.

MGA PAMAMARAAN SA PAGREREKLAMO (ipinagpapatuloy)

Ang mga sumusunod na reklamo ay ire-refer sa ibang mga ahensya para sa naaangkop na resolusyon at hindi napapailalim sa prosesong napapailalim sa UCP ng distrito na nakatakda sa dokumentong ito maliban kung ang mga pamamaraang ito ay ginawang naaangkop ng mga hiwalay na kasunduan sa pagitan ng mga ahensya:

1. Ang mga alegasyon ng pag-aabuso sa bata ay ire-refer sa Department of Social Services (DSS, Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan) ng County, Protective Services Division (Dibisyon ng mga Pumuprotektang Serbisyo) o naaangkop na ahensyang tagapagpatupad ng batas.
2. Ang mga reklamo sa kalusugan at kaligtasan tungkol sa programa sa paglaki ng bata ay ire-refer sa Department of Social Services para sa mga lisensyadong pasilidad, at sa naaangkop na panrehiyong tagapangasiwa sa Child Development (Paglaki ng Bata) para sa mga pasilidad na may iksemsyon sa lisensya.
3. Ang mga alegasyon ng panloloko ay ire-refer sa Sangay ng Legal, Audit at Compliance (Legal, mga Odit at Pagsunod) sa Department of Education (CDE, Kagawaran ng Edukasyon) ng California.

Ang anumang reklamong nagsasaad ng labag sa batas na diskriminasyon, sekswal na panghahas o kaugnay na paghihiganti sa trabaho ay ipoproseso nang alinsunod sa Patakaran ng Lupon 4030 – Hindi Pagdidiskrimina sa Trabaho at Patakaran ng Lupon at Pampangasiwaang Regulasyon 4119.11 – Sekswal na Panghahas.

Anumang reklamong nauugnay sa pagiging sapat ng mga aklat-pampaaralan o mga kagamitan sa pagtuturo, mga kondisyon ng mga pasilidad para sa emerhensya at agarang pagresponde na banta sa kalusugan at kaligtasan ng mga estudyante o tauhan, o mga pagkabakante at maling pagtatalaga sa guro ay iimbestigahan at lulutasin nang alinsunod sa Pampangasiwaang Regulasyon 1312.4 – mga Williams Uniform Complaint Procedure.

Ang mga pamamaraang ito ay hindi naaangkop sa mga reklamong nauugnay sa mga programa ng espesyal na edukasyon, na pinamamahalaan sa ilalim ng Titulo 34 Kodigo ng mga Pederal na Regulasyon mga seksyon 300.151 hanggang 300.153 at sa ilalim ng Titulo 5 ng Kodigo ng mga Regulasyon ng California seksyon 3080 at kasunod.

Ang mga pamamaraang ito ay hindi naaangkop sa mga reklamo tungkol sa mga programa ng nutrisyon para sa mga bata, na pinamamahalaan sa ilalim ng Titulo 34 ng Kodigo ng mga Pederal na Regulasyon mga seksyon 210.19(a)(4), 215.a(a), 220.13(c), 225.11(b), 226.6(n) at 250.15(d) at sa ilalim ng Titulo 5 ng Kodigo ng mga Regulasyon ng California seksyon 15580 at kasunod.

MGA PAMAMARAAN SA PAGREREKLAMO (ipinagpapatuloy)

Mga Responsibilidad ng Distrito at Paunawa

Ang distrito ay may pangunahing responsibilidad upang matiyak ang pagsunod sa mga naaangkop na pang-estado at pederal na batas at regulasyon. Imbestigahan ng distrito at susubukang lutasin nang alinsunod sa UCP ng distrito, ang anumang mga reklamong nagsasaad ng hindi pagsunod sa mga naaangkop na pang-estado at pederal na batas at regulasyon kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga alegasyon ng labag sa batas na diskriminasyon, sekswal na panghahas o kaugnay na paghihiganti, o hindi pagsunod sa mga batas na nauugnay sa lahat ng programa at aktibidad na ipinapatupad ng distrito na napapailalim sa UCP, gaya ng idinidetalye rito.

Titiyakin ng distrito ang taunang pamamahagi ng nakasulat na paunawa ng UCP nito sa mga estudyante, empleyado, magulang/tagapag-alaga, miyembro ng komite ng pagpapayo ng paaralan at distrito, naaangkop na opisyal at kinatawan ng pribadong paaralan, at iba pang mga interesadong partido. Magiging kabilang sa nakasulat na paunawa ang impormasyon tungkol sa pagbabawal ng labag sa batas na diskriminasyon, sekswal na panghahas at nauugnay na paghihiganti; labag sa batas na mga singil sa estudyante; mga iniaatas ng LCAP; at mga iniaatas na nauugnay sa mga karapatan sa edukasyon ng foster na kabataan, mga estudyanteng walang tirahan, mga dating estudyante ng paaralan ng hukumang pangkabataan, at mga batang napapabilang sa mga pamilyang militar.

Ipapaskil ang UCP ng distrito sa lahat ng paaralan at tanggapan ng distrito, kabilang ang mga pahingahan ng mga tauhan at mga silid ng pagpupulong ng mga pamahalaan ng estudyante.

Ang Legal Compliance Specialist (Espesyalista sa Pagsunod sa Batas), na tinukoy rito, o itinalaga, ay magpapanatili ng rekord ng bawat natanggap na reklamo. Idodokumento rin sa rekord ang mga sumunod na nauugnay na aksyon, kabilang ang mga hakbang na isinagawa sa panahon ng imbestigasyon at lahat ng impormasyong kinakailangan para sundin ang 5 CCR 4631 at 4633.

Sangguniang Pambatas:

KODIGO NG EDUKASYON

200-262.4 Pagbabawal sa diskriminasyon

8200-8498 Mga programa sa pag-aalaga at paglaki ng bata

8500-8538 Pangunahing edukasyon ng adulto

MGA PAMAMARAAN SA PAGREREKLAMO (ipinagpapatuloy)

18100-18203 Mga aklatan ng paaralan

32280-32289 Plano ng kaligtasan ng paaralan, mga pamamaraan sa reklamo

33380-33384 Mga Sentro ng Edukasyon ng Indyano ng California

35186 Ang mga Williams uniform complaint procedure

44500-44508 Programang Peer Assistance at Review Program para sa mga Guro

46015 Pagpapaliban ng magulang para sa mga estudyante

48853-48853.5 Foster na kabataan

48985 Mga paunawa sa wikang bukod sa Ingles

49010-49014 Mga singil sa estudyante

49060-49079 Mga rekord ng estudyante, partikular na ang:

49069.5 Mga rekord ng foster na kabataan

49490-49590 Mga programa ng nutrisyon para sa mga bata

49701 Kasunduan sa pagitan ng mga Estado hinggil sa mga Oportunidad na Pang-edukasyon para sa mga Batang Napapabilang sa Pamilyang Militar

51210 Mga kurso ng pag-aaral sa mga baitang 1-6

51223 Pisikal na edukasyon, mga paaralang elementarya

51225.1-51225.2 Foster na kabataan, mga batang walang tirahan, mga dating estudyante ng paaralan ng hukumang pangkabataan, at mga estudyanteng may koneksyon sa militar, mga migranteng estudyante, at mga bagong dating na imigranteng estudyante; mga kredito sa kurso; mga iniaatas sa pagtatapos ng pag-aaral

51226-51226.1 Edukasyong tekniko sa karera

51228.1-51228.3 Mga panahon ng kursong walang nilalamang pang-edukasyon

52060-52077 Plano ng lokal na kontrol at pananagutan, partikular na ang:

52075 Reklamo dahil sa kakulangan ng pagsunod sa mga iniaatas sa plano ng lokal na kontrol at pananagutan

52160-52178 Mga programa ng bilingguwal na edukasyon

52300-52462 Edukasyong tekniko sa karera

52500-52616.24 Mga Paaralang pang-adulto

54000-54029 Tulong para sa Epekto sa Kabuhayan

54400-54425 Mga programa ng panghaliling edukasyon

54440-54445 Edukasyon ng migrante

54460-54529 Mga programa ng panghaliling edukasyon

56000-56865 Mga programa ng espesyal na edukasyon

59000-59300 Espesyal na edukasyon at mga tanggapan

64000-64001 Pinagsamang proseso ng aplikasyon; plano ng paaralan para sa pagtamasa ng estudyante 65000-65001 Mga konseho ng lugar ng paaralan

KODIGO NG PAMAHALAAN

11135 Mga programa at aktibidad sa hindi pagdidiskrimina na pinopondohan ng estado

12900-12996 Batas sa Patas na Trabaho at Pabahay

KODIGONG PANGKALUSUGAN AT KALIGTASAN

1596.792 Batas sa Child Day Care ng California; mga pangkalahatang probisyon at kahulugan

1596.7925 Batas sa Child Day Care ng California; mga regulasyon sa kalusugan at kaligtasan

MGA PAMAMARAAN SA PAGREREKLAMO (ipinagpapatuloy)

104420 Edukasyon sa Pag-iwas sa Paggamit ng Tabako

KODIGO PENAL

422.55 Krimeng hatid ng poot; kahulugan

422.6 Pakikialam nang may mga karapatan o pribilehiyo sa konstitusyon

KODIGO NG MGA REGULASYON, TITULO 2

11023 Pag-iwas at pagtatama ng panghahas at diskriminasyon

KODIGO NG MGA REGULASYON, TITULO 5

3080 Paggamit sa mga pamamaraan sa pagrereklamo sa mga reklamo ukol sa mga estudyanteng may mga kapansanan

4600-4670 Mga Pamamaraan sa Pagrereklamo

4680-4687 Ang mga Williams uniform complaint procedure

4900-4965 Hindi pagdidiskrimina sa mga programang pang-edukasyon sa elementarya at sekondarya

KODIGO NG ESTADOS UNIDOS, TITULO 20

1221 Paggamit ng mga batas

1232g Batas sa mga Karapatan ng Pamilya sa Edukasyon at Pagkapribado

1681-1688 Titulo IX ng mga Susog sa Edukasyon ng 1972

6301-6576 Titulo I Pagpapabuti sa Pagtamasa sa Pag-aaral ng mga Desabantahe

6801-7014 Titulo III pagtuturo ng wika para sa mga estudyanteng may limitadong kahusayan sa Ingles at imigrante

KODIGO NG ESTADOS UNIDOS, TITULO 29

794 Seksyon 504 ng Batas ng Rehabilitasyon ng 1973

KODIGO NG ESTADOS UNIDOS, TITULO 42

2000d-2000e-17 Titulo VI at Titulo VII Batas ng mga Karapatang Sibil ng 1964, gaya ng binago

2000h-2-2000h-6 Titulo IX ng Batas ng mga Karapatang Sibil ng 1964

6101-6107 Batas sa Diskriminasyon sa Edad ng 1975

12101-12213 Titulo II pantay-pantay na oportunidad para sa mga indibidwal na may mga kapansanan

KODIGO NG MGA PEDERAL NA REGULASYON, TITULO 28

35.107 Hindi pagdidiskrimina batay sa kapansanan; mga reklamo

KODIGO NG MGA PEDERAL NA REGULASYON, TITULO 34

99.1-99.67 Batas sa mga Karapatan ng Pamilya sa Edukasyon at Pagkapribado

100.3 Pagbabawal ng diskriminasyon batay sa lahi, kulay ng balat o bansang pinagmulan

104.7 Pagtatalaga ng responsableng empleyado para sa Seksyon 504

106.8 Pagtatalaga ng responsableng empleyado para sa Titulo IX

106.9 Paunawa ng hindi pagdidiskrimina batay sa kasarian

110.25 Paunawa ng hindi pagdidiskrimina batay sa kasarian

MGA PAMAMARAAN SA PAGREREKLAMO (ipinagpapatuloy)

Mga Mapagkukunan sa Pamamahala:

MGA PUBLIKASYON NG KAGAWARAN NG EDUKASYON NG CALIFORNIA

Halimbawa ng mga Patakaran at Pamamaraan ng Lupon na Napapailalim sa UCP

PUBLIKASYON NG KAGAWARAN NG EDUKASYON NG ESTADOS UNIDOS,
TANGGAPAN NG MGA KARAPATANG SIBIL Liham na Mahal na Katrabaho, Setyembre 22,
2017

Liham na Mahal na Katrabaho: Mga Taga-ugnay ng Titulo IX, Abril 2015

Liham na Mahal na Katrabaho: Pagtugon sa Pambu-bully ng mga Estudyanteng may mga
Kapansanan, Oktubre 2014 Liham na Mahal na Katrabaho: Panghaharas at Pambu-bully, Oktubre
2010

Nirebisang Patnubay sa Sekswal na Panghaharas: Panghaharas sa mga Estudyante ng mga
Empleyado ng Paaralan, Ibang mga Estudyante, o mga Ikatlong Partido, Enero 2001

MGA PUBLIKASYON NG KAGAWARAN NG KATARUNGAN NG ESTADOS UNIDOS

Patnubay sa Tumatanggap ng Pederal na Tulong Pinansyal Tungkol sa Titulo VI Pagbabawal
Laban sa Diskriminasyon Batay sa Bansang Pinagmulan na Nakakaapekto sa Taong may
Limitadong Kahusayan sa Ingles, 2002

MGA WEB SITE

CSBA: <http://www.csba.org>

Kagawaran ng Edukasyon ng California: <http://www.cde.ca.gov>

Tanggapan ng Pagsunod sa Patakarang Pampamilya: <https://www2.ed.gov/policy/gen/guid/fpco>

Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos, Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil:

<http://www.ed.gov/ocr>

Kagawaran ng Katarungan ng Estados Unidos: <http://www.justice.gov>

Patakaran

pinagtibay: Setyembre 8, 1992

nirebisa: Abril 1, 1998

nirebisa Hulyo 1, 2002

nirebisa Marso 6, 2007

nirebisa Marso 5, 2013

nirebisa Enero 20, 2015

nirebisa Disyembre 13, 2016

nirebisa Abril 23, 2019

nirebisa Setyembre 3, 2019

ELK GROVE UNIFIED SCHOOL DISTRICT

Elk Grove, California